Novel Coronavirus (COVID-19)

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County ng Los Angeles
Magsasakang pamilihan at Mga Kaganapan sa Komunidad

Dahil sa dumaraming bilang ng kaso sa Los Angeles County, kabilang ang mas maraming nahahawa sa komunidad at kamakailang patnubay na inilabas ng California Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan kaugnay ng COVID-19 at mga pagtitipon ng publiko, ang mga kaganapan sa komunidad at mga magsasakang pamilihian ay dapat kanselahin o ipagpaliban hanggang makalipas ang Abril 30, 2020 at hindi mabibigyan ng Kalusugan Pahintulot para magawa. Ang mga kaganapan sa komunidad na dating inaprubahan at binigyan ng pahintulot ay aabisuhan na suspendido ang kanilang pahintulot at bibigyan sila ng karapatan muling ipaiskedyul ang kaganapan o humiling ng pagsasauli ng mga binayarang kota.

Kaugnay ng pangangailangang tiyakin na mayroong mabibiling sariwang pagkain ang mga residente, pahihintulutan ang mga panlabas na Sertipiko Magsasakang Pamilihan na binigyan ng Estado ng California at nakakuha ng Kalusugang Pahintulot para sa isang Sertipikadong Magsasakang Pamilihan na mag-sagawa kapag tinupad ang mga kondisyong nakasaad sa ibaba.

Mga binagong kondisyon sa pag-sasagawa ng mga Sertipikadong Magsasakang Pamilihan:

- Limitahan ang pagbebenta ng pagkain sa buo at hindi hinati-hating prutas at gulay at mga nakapaketeng bagay na pagkain. Walang pahihintulutang mag-sagawa ng kubol puwesto para maghahanda ng pagkain.
- Walang pahihintulutang pagbibigay ng patikim ng hindi nakapaketeng pagkain.
- Magpaskil ng mga karatulang nagpapaalala sa mga kustomer ng mga sumusunod:
    - Hugasan ang lahat ng prutas at gulay bago kainin
    - Paalala sa Paghuhugas ng Kamay http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/GuidanceHandwashingEnglish.pdf
    - Paghiling sa mga kustomer na manatili sa bahay kung may sakit sila, kahit pa kaunting sakit lamang ito. http://publichealth.lacounty.gov/media/coronavirus/StayHome.pdf
- Ang mga Pamilihang Tagapangasiwa ay mapagkakatiwalan sa pagtitiyak na mahahati ang mga bulto ng tao upang magbigay-daan sa paglayo ng mga kustomer sa isa't isa.
    - Magbigay ng agwat sa pagitan ng mga istante ng prutas at gulay
- Magbigay ng mga istasyon para sa paghuhugas ng kamay ng mga kustomer kung saan maaari. Irekomenda ang paglalaan ng alkohol-bantay kamay sanitiser na may hindi bababa sa 60% alkohol para magamit ng mga kustomer bago hawakan ang mga prutas at gulay.
- Tiyaking maglalaan ng mga istasyon para sa paghuhugas ng kamay sa tabi ng mga pasilidad ng banyo at may nakalagay na sabon at tuwalyang papel sa lahat ng panahon.

Mga Empleyado ng Mga Sertipikadong Magsasakang Pamilihan

- Ang mga empleyadong may sakit ay pinapayuhang manatili sa bahay at huwag pumasok sa trabaho hanggang wala na silang lagnat nang hindi bababa sa 72 oras sa natural na paraan at hindi umiinom ng gamot sa lagnat.
- Ang mga empleyadong mukhang may sakit pagdating sa trabaho o nagkasakit habang nasa trabaho ay dapat kaagad na pauwiin.

Mga Tagubilin sa Paghuhugas ng Kamay para sa Lahat ng Empleyado ng Pamilihan

- Maghugas ng mga kamay at braso gamit ang sabon at maligamgam na tubig nang hindi bababa sa 20 segundo bago:
    - Kumain o uminom
    - Magsuot ng guwantes
- Maghugas ng mga kamay pagkatapos ng mga aktibidad na ito:
    - Gamitin ang banyo

  - Hawakan ang iyong buhok, mukha, katawan, o mga damit
  - Bumahin, umubo, o gumamit ng tisyu
  - Manigarilyo, kumain, uminom, o ngumuya ng gum
  - Ilabas ang laman ng basura
  - Humawak ng pera at magsukli
  - Alisin ang guwantes
  - Matapos lumahok sa ibang aktibidad na maaaring magkontamina sa mga kamay
- Irekomenda ang pagtatalaga ng empleyado sa bawat paghalili ng oras upang tiyakin na palaging may sabon at tuwalyang papel ang mga lababong hugasan ng kamay.
- Irekomenda ang tamang paggamit ng mga guwantes bilang karagdagang kasangkapan, ngunit mahalagang tandaan na hindi napapalitan ng mga guwantes ang pangangailangang maghugas ng mga kamay at magpanatili ng Pagsasanay ng kalinisan sa katawan at lahat ng bagay.

Pangkalahatang Paglilinis

- Madalas na linisin at i-disinpekta ang lahat ng ibabaw na madalas hawakan tulad ng mga ibabaw ng mesa, mga kounter ng kahera, mga muwebles sa banyo at lababong hugasan ng kamay, at mga basurahan.
- Gumamit ng produktong nakarehistro sa Environmental Protection Agency (EPA) na nakakalinis (nag-aalis ng mga mikrobyo) at nagdi-disinpekta (pumapatay ng mga mikrobyo). Palaging sundin ang mga tagubilin sa tatak ng mga produktong panlinis at mga disinpekta.

Mga Epektibong Disinpektant

- Upang gumawa ng bleach solution, maghalo ng 1 kutsara ng bleach sa 1 quart (4 na tasa) ng tubig. Para sa mas maraming suplay, magdagdag ng ¼ tasa ng bleach sa 1 galon (16 tasa) ng tubig. Gamitin ang solution sa loob ng 20 minuto. Gumamit ng test strips upang i-test ang chlorine solution (100 ppm).
- Maaaring gumamit ng iba pang disinpectant na aprubado ng EPA kung epektibo ang mga ito laban sa mga Coronavirus. Maaaring makipag-ugnayan ang mamimili sa numerong “1-800” sa tatak ng produkto kaugnay ng bisa nito laban sa “COVID-19”.

Mga Tamang Paraan sa Pangangasiwa ng Mga Disinpektant, Bagay at Basura

- Gumamit ng mga kemikal sa lugar na mayroong maayos na bentilasyon.
- Iwasang maghalo ng mga hindi kompatible na kemikal (basahin ang tatak).
- Iwasang mapapunta ang kemikal sa pagkain habang naglilinis.
- Pangasiwaan maingat ang basura at itapon sa maayos na basurahan.

Ang mga Pamilihang Tagapangasiwa ang pinagtitiwalan at mananagot sa pagtitiyak na masusunod ang mga nabanggit na kondisyon.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Consultative Services sa (888) 700-9995. Para sa higit pang impormasyon ukol sa Covid-19 bisitahin ang: http://publichealth.lacounty.gov o tawagan ang Los Angeles County Information line 2-1-1 na matatawagan nang 24 na oras araw-araw.